





MICROENTERPRISE HOME KITCHEN OPERATIONS

Ano ang Pagkakaiba?

OPERASYON NG MALIIT NA NEGOSYO SA KUSINA NG TAHANAN [MICROENTERPRISE HOME KITCHEN OPERATION (MEHKO)] AT MALIIT NA NAILILIPAT NA OPERASYON NG PAGKAIN [COMPACT MOBILE FOOD OPERATION (CMFO)]

 MEHKO	 CMFO	 PAREHO
Limitado sa taunang pagbebenta ng \$100,000	Walang taunang limitasyon sa pagbebenta	Hindi maaaring magbenta o magsilbi ng hilaw na mga talaba
Hindi pwedeng magbenta ng higit sa 30 pagkain bawat araw at 90 bawat linggo	Walang limitasyon sa pagbebenta ng mga pagkain	Hindi maaaring gumawa (produce) o magbenta ng sariwang gatas o sariwang mga produkto ng gatas
Maaaring patakbuhin (operate) ang CMFO kasama ng MEHKO, ng may naaangkop na mga permiso, pero hindi maaaring magpatakbo (operate) ng Operasyon ng Pagkain sa Tahanan [Cottage Food Operation (CFO)]	Maaaring magpatakbo (operate) ng MEHKO o CFO kasama ng CMFO, ng may mga naaangkop na permiso (permits)	Kinakailangan ng Permiso ng Pamublikong Kalusugan (Public Health Permit) at dapat ay nakikita (display) ang permiso sa CMFO o sa MEHKO
Maaaring gamitin bilang komisaryo para sa CMFO (dapat ay pareho ang may-ari ng permiso [permit holder] ng MEHKO)	Kinakailangan na may komisaryo (commisary)	Maaaring magkaroon ng mga imbestigasyon batay sa reklamo
Ang mga inspeksyon ay ginagawa taun-taon	Ang mga inspeksyon ay maaaring mag-iba mula sa taunan hanggang sa dalawang beses sa isang taon depende sa mga dahilan ng panganib ng CMFO	Kailangang magbigay ng Nakasulat/Karaniwan na Proseso sa Operasyon [Written/Standard Operational Procedures (WOP/SOP)] at putahe sa panahon ng proseso ng aplikasyon
Ang nagpapatakbo (operator) ay dapat kumuha ng Sertipikasyon bilang Sertipikadong Tagapamahala na Nagpoprotekta sa Pagkain (Certified Food Protection Manager) / Ang ibang miyembro ng MEHKO ay dapat na kumuha ng tarheta sa Paghawak ng Pagkain (Food Handler card)	Ang nagpapatakbo (operator) at mga miyembro ng CMFO ay dapat kumuha ng Tarheta ng Paghawak ng Pagkain (Food Handler Card)	Dapat mayroong WOP/SOP na magagamit sa panahon ng operasyon
Ang paghahanda ng pagkain ay aprubado	Limitadong paghahanda ng pagkain	Dapat itapon ang pagkain na hindi naibenta sa pagtatapos ng araw/operasyon
Pwedeng magsilbi ng alkohol kung mayroong lisensya ng ABC	Hindi maaaring magbenta ng alkohol	Hindi maaaring magbenta ng mga natirang pagkain
Hindi maaaring gamitin ng lungsod ang mga batas sa pagsona (zoning) para ipagbawal ang MEHKO	Ang lungsod ay maaaring kontrolahin (regulate) ang oras at lugar ng operasyon para sa CMFO	Ang operasyon ay maaaring mag-anunsyo (advertise) online
Limitado sa isang full-time na katumbas na empleyado (kabuuan ng hanggang 40 oras sa isang linggo) na hindi pamilya o miyembro ng sambahayan	Walang limitasyon sa mga empleyado	Kinakailangan ang pagsusuri ng lugar
May eksempyon mula sa Sistema ng Pag-gagrado ng Pasilidad ng Pagkain (Food Facility Grading System)	Sumusunod sa Sistema ng Pag-gagrado ng Pasilidad ng Pagkain (Food Facility Grading System)	
Hindi maaaring magpatakbo (operate) ng negosyo na nangongontrata ng pagbebenta ng pagkain (catering) at hindi maaaring magbenta sa iba pang pasilidad ng pagkain	Maaaring suportahan ang mga kaganapan (events) na may angkop na mga permiso (permits)	